Balitang Manmin

BILANG 140 SETYEMBRE 20, 2015

# "Umapaw ang Kapangyarihan ng Banal na Espiritu Habang Malamig ang Simoy ng Hangin!"

## Retreat sa Tag-init ng Manmin, mula sa 27 Bansa ang Dumalo

Ang Retreat sa Tag-init ng Manmin ay isang pandaigdigang pagdiriwang na dinadaluhan ng mga naghahangad ng pagpapala. Idinaos ito noong Agosto 3-6, 2015, sa Deogyusan Resort, probinsya ng Muju.

Sa unang gabi, pinangunahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang seminar batay sa Mga Awit 62:11. Sinabi niyang may kasamang pag-ibig at katotohanan ang tunay na pag-ibig. Ipinapahayag ng Diyos ang pag-ibig Niya sa pamamagitan ng mga tanda, himala, at mga makapangyarihang pagkilos. Sinabi niya sa mga dumalo na hanapin ang mga pruweba ng pag-ibig ng Diyos na parang nagmimina ng mga hiyas. Sinabi din niya na makikita nila ang hindi mabilang na himala ng Diyos bilang pagpapatunay na walang imposible kung magtitiwala sa Kanya.

Sinundan ng pagpupulong na may banal na pagpapagaling ang seminar kung saan ipinakita ng Diyos ang kapangyarihan Niya. Nadama ng mga dumalo ang pag-ibig ng Diyos na nagnanais na manatiling malusog, masaya, at walang karamdaman ang mga anak Niya. Nais rin Niyang matanto ng mga ito ang walang hanggang kapangyarihan Niya. Maraming gumaling mula sa cancer, shingles, katarata, sakit sa balat, diabetes, paso, at malabong paningin. Mahigit sa 20 tao mula sa ibang bansa ang bumalik ang pandinig.

Kahit may babala sa buong bansa tungkol sa napakainit na panahon, may malamig at banayad na hanging humihihip, pinanatili nitong presko ang kapaligiran. Mayroong pabilog na mga bahaghari, mga ulap na hugis krus, mga hindi mailap na tutubi na dumapo sa mga miyembro, at mga bulalakaw na nagparamdam sa mga dumalo ng kapangyarihan at kabanalan ng Diyos na lumikha ng kalangitan, ng mundo, at lahat ng bagay na narito nang may dakilang pag-ibig para sa atin.



"Itinapon ko ang saklay, nakakapaglakad na ako nang maayos!" "Tumayo ako mula sa silyang may gulong!" "Nakakarinig na ako ngayon!" "Malinaw ang paningin ko kahit walang salamin!"

▲ Banal na Pagpapagaling sa Retreat sa Tag-init ng Manmin noong Agosto 2015: Nakahandang magbahagi ng patotoo ang mga nasa entablado, gumaling sila mula sa mga karamdaman sa pananalangin ni Dr. Jaerock Lee. (Ang mga nagbahagi ng patotoo)

Sa pangalawang araw, araw ng palaro, lahat ay masaya at nagkaisa sa Panginoon kahit magkakaiba ang wika at lahi. Sa pangatlong gabi, habang may pagsamba at papuri sa tabi ng camp fire, lahat ay nagpasalamat sa Diyos na nagbibigay ng tunay na kapayapaan at kagalakan na hindi maibibigay ng mundo. Napuno sila ng maalab na pagnanasa para sa pangalawang pagbabalik ng Panginoon at may pag-asa para sa buhay na walang hanggan kasama Niya sa Langit.

Nagmula sa 27 bansa ang mga dumalo sa Retreat sa Tag-init ng Manmin sa taong ito. Isinalin sa sampung wika ang mga gawain. Pasalamatan at luwalhatiin natin ang tapat na Diyos na kumikilos ng makapangyarihan! Balikan natin ang mga pruweba ng pag-ibig ng Diyos mula sa mga patotoo ng mga miyembro sa loob at labas ng Korea (sundan sa pahina 3-4).

### "Naging normal ang paralisado kong binti! Nakakapaglakad na ako!"



Tatlumpung taon na ang nakaraan, nagkasakit ako ng lumbar spinal stenosis, naparalisa ang kaliwang binti ko dahil dito. Hindi na ako nakapaglakad nang maayos. Pero nang dumalo ako sa retreat sa taong ito, habang nagseseminar, tinanggap ko ang pagpapala dahil sa lubos na pagsisisi. Pagkatapos, sa sumunod na pagpupulong na may banal na pagpapagaling, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee. Bumalik sa normal ang kaliwang binti ko, nakapaglakad ako nang maayos. Hallelujah!

Lata Augustine, India

### "Gumaling ang shingles ko"



Noong Hulyo 30, 2015, nagkaroon ako ng shingles sa kaliwang bahagi ng likod. Napakasakit nito, hindi ako makatulog. Tumagal ang pananakit hanggang Agosto 3. Gusto kong dumalo sa retreat kaya tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa mga maysakit na naka-record sa automated response system. Winisikan ko rin ito ng Muan Sweet Water. Nawala ang pananakit. Tinanggap ko ulit ang panalangin niya sa unang gabi ng retreat, lubos ang paggaling ko.

Diakonesa Hyok Mun, Gwangju Manmin Church, South Korea

### "Gumaling ako mula sa diabetes"



Mataas ang glucose level ko kaya kailangan ko ng 35 units ng insulin bawat araw. Hindi ako nag-insulin habang nasa retreat ako, pero walang nangyaring masama sa akin. Bukod dito, nakain ko kung ano ang gusto kong kainin, mabuti ang pakiramdam ko. Pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee, naramdamang kong luminis ang katawan at puso ko, parang mga ulap na hinipan papalayo para sumilip ang araw. Wala na akong masamang naramdaman.

Kap. Victor Velez, Colombia

### "Nakalaya ako mula sa Osteochondrosis pagkatapos ng 53 taon!"



Pagkatapos kong manganak, namaga ang mga kasukasuan ko, nakaramdam ako ng pananakit. Sinubukan kong ipagamot ito sa pamamagitan ng 'moxa treament' (tradisyunal na panggagamot na ginagamit sa China at Japan, nagsusunog ng tuyong dahon sa bahagi ng katawan na masakit), pero hindi lubos na gumaling. Hindi ko maibaluktot ang mga kasukasuan ko, matagal akong dumanas ng sakit. Pero pagkatapos kong tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee sa unang gabi, naibaluktot ko ang tuhod ko, walang masakit sa katawan ko. Sa wakas, nakalaya ako mula sa osteochondrosis pagkatapos ng 53 taong pagdurusa.

Diakonesa Junghee Park, Parokyang Chinese 1, South Korea

# Ngunit sa Ganang Akin at sa Aking Sambahayan, Kami ay Maglilingkod sa PANGINOON



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Ngayon nga'y matakot kayo sa PANGINOON, at paglingkuran ninyo siya sa katapatan at katotohanan...ngunit sa ganang akin at sa aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa PANGINOON." (Josue 24:14-15)

•••

Tinanggap ng bawat tribo ng Israel ang pamana sa kanila pagkatapos nilang sakupin ang Canaan kasama ni Josue. Panahon na para lubos na itaboy ang mga Cananeo at bantayan ang kanilang minana.

Kailangan nilang gawin ito ayon sa sariling pananampalataya. Pag-aralan natin kung paano kinuha ng bawat tribo ang pamana sa kanila.

### 1. Nangako si Josue at ang mga Israelita na tanging sa Diyos lang sila maglilingkod

Sinumulan ng bawat tribong tumanggap ng pamana na kunin ang lupaing ipinamana sa kanila ayon sa pananampalataya at lakas nila.

Mahabang panahon na ang lumipas, batid ni Josue na matanda na siya at kakaunti na ang natitirang oras niya. Batid niya na kailangang ipaalala sa mga Israelita ang tungkol sa pangako ng Diyos para pagtibaying muli ang pananampalataya nila.

Noong panahong iyon, hindi matatag ang pananampalataya ng mga Israelita. Kapag kasama nila si Josue, sumusunod sila nang may pananampalataya. Pero nang sabihin sa kanila na makipaglaban ayon sa pananampalataya nila, natakot sila, negatibo ang mga sinabi nila. Sa aklat ng Josue kabanata 24, may maalab na kahilingan si Josue tulad ng ginawa ni Moises.

Tinipon ni Josue ang buong Israel, mga elders, mga pinuno, mga hukom at mga opisyal. Ibinigay niya ang huling payo. Sinabi niyang sundin ng mga ito ang mga utos ng Diyos, huwag lumayo sa Kanya, at mahalin ito ng pagmamahal na hindi nagbabago.

Hanggang sa panahong iyon, sinamahan ng Diyos si Josue, binigyan Niya ang mga ito ng kamangha-manghang mga tagumpay. Ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya ang buong lupain ng Canaan sa Israel kung mamahalin nila ang Diyos at susundin ang mga utos Niya. Sinabi din sa kanila ni Josue na kung hindi nila susundin ang mga utos ng Diyos, kung lalapit sila sa mga Hentil, at sasamba sa mga diyus-diyosan, iiwanan sila ng Diyos. Kaya dapat nilang tandaan ito at manatiling malapit sa Diyos.

Tinipon ni Josue ang mga mamamayan para magkaroon ng panahon para sa pormal na pagpapasiya. Una, ipinaalala ni Josue sa kanila ang katapatan ng Diyos na tumupad ng pangako kay Abraham, at ang dakilang kapangyarihan nito na tumalo sa lakas ng Ehipto at ng pitong tribo ng Canaan. Sinabi niya sa Josue 24:15, "Ngayon kung ayaw ninyong maglingkod sa PANGINOON, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa kabila ng Ilog, o ang mga diyos ng mga Amoreo na ang lupain nila ay inyong tinitirahan; ngunit sa ganang akin at sa aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa PANGINOON." Hiniling ni Josue sa kanila ang kanilang determinasyon para iwaksi ang lahat ng diyus-diyosan at sumunod sa mga utos ng buong katapatan.

Nang marinig nila ang matapang na pasiya ni Josue, ipinahayag at nangako din ang mga anak ni Israel ng katapatan sa Diyos, "Kami ay maglilingkod din sa PANGINOON sapagkat Siya'y ating Diyos" (Josue 24:18). Pagkatapos pagtibayin ni Josue ang kasunduan, itinuro niya ulit ang mga utos ng Diyos. Nang matapos ito, matahimik na nagwakas ang buhay ni Josue, isang buhay na may maalab na pag-ibig at pananampalataya, sa edad na 110.

### 2. Nagdusa ang mga Israelita dahil sa hindi pagsunod

Pagkatapos ng mga huling salita ni Josue at ng kamatayan niya, nagpatuloy ang pakikipaglaban ng mga Israelita para lubos na masakop ang lupain ng Canaan. Pero hindi nagtagal, pagkatapos ng kamatayan ni Josue, nagsimula nilang ipakita ang kawalan nila ng pananampalataya.

Hindi mapalayas ng tribo ni Jose ang mga naninirahan sa Canaan. May binanggit din sa Mga Hukom 1:19 tungkol sa tribo ni Juda, "Ang PANGINOON ay sumama sa Juda at kanyang inangkin ang mga lupaing maburol; ngunit hindi niya mapalayas ang mga naninirahan sa kapatagan, dahil sa sila'y may mga karwaheng bakal." Hindi rin ito kayang gawin ng tribo ng Zebulun, Asher, Naphtali, at Dan.

Hindi nagtagumpay ang iba sa kanila dahil napakalakas ng mga naninirahan sa Canaan. Ni walang ganang manalo ng iba sa kanila, kung anu-ano ang dahilan nila. Pinabayaan lang nilang manirahan doon ang mga taong iyon, hindi nila pinalayas. Pero ito ay pagsuway sa kalooban ng Diyos. Naging problema para sa mga Israelita ang pagsuway na ito.

Ayaw ng Diyos na manirahan ang mga Israelita kasama ng mga Hentil. Kapag kasama nila ang mga ito, madali silang matutukso sa mga diyus-diyosan at lalayo na sila sa Diyos. Pagkatapos mamatay ng mga kasama ni Josue sa pagsakop ng Canaan, nakalimutan na ng mga tao ang tapat na Diyos, nagsimula silang makipagkaibigan sa mga Hentil. Nakipag-asawa sila sa mga ito, at tinanggap at sinamba ang mga diyus-diyosan nila.

Tinulikuran ng Diyos ang mga Israelitang nagkasala. Ang kasaysayan ng Israel ngayon ay tungkol sa walang tigil na pagsubok at paghihirap. Ang pinakamalala ay ang nangyari sa tribo ni Dan dahil sa pagsuway. Hindi nila pinalayas ang mga Amoreo mula sa pamanang ibinigay ng Diyos, sa bandang huli, sila ang pinalayas sa lupain nila (Mga Hukom 1:34-35).

Hindi nakuha ng tribo ni Dan ang lupaing pinamana sa kanila ng Diyos. Nakahanap sila ng lupain na madaling masakop, ito ang kinuha nila. Nang sandaling tirahan nila ito, umukit sila ng mga diyus-diyosan at sinamba ang mga ito. Pagkatapos ng daan-daang taon, gumawa ng mga gintong guya si Haring Jeroboam ng Kaharian sa Kahilagaan ng Israel, inilagay niya ito sa lupain ni Dan, at naging sentro ng pagsamba sa mga diyus-diyosan ang lugar na ito.

Dahil dito, winasak sila ng mga Hentil. Tiniwalag ang tribo ni Dan mula sa mga tinatakan ng Diyos sa bawat tribo ng Israel (Pahayag kabanata 7). Nabigo silang kunin ang lupaing ibinigay ng Diyos sa kanila dahil sa maliit na pananampalataya, sumamba din sila sa mga diyus-diyosan at nawalan sila ng karapatan bilang mga pinili ng Diyos.

### 3. Pinagpapala ng Diyos ang mga anak na sumusunod at hindi nagbabago

Pinag-aralan natin ang proseso tungkol sa pagsakop ng mga Israelita sa lupain ng Canaan. Tapat na tinupad ng Diyos, na kasama ni Moises at Josue, ang pangakong ibinigay Niya kay Abraham; Ibinigay Niya sa mga Israelita ang lupain ng Canaan. Pagkatapos, hindi Siya nagbago sa mga ipinangako Niya, tinupad Niya ito.

Kapag minamahal at iginagalang ng mga hari at mga mamamayan ang Diyos, at sinusunod ang mga utos Niya tulad noong panahon ni Haring David at Haring Jehoshaphat, itinataas Niya sa ibabaw ng mga bansa at mundo ang mga ito. Gayon pa man, nang iwan nila ang Diyos at sumamba sa mga diyus-diyosan, at gumawa ng mga kasamaan, tinalikuran sila ng Diyos, at nagdusa sila mula sa matitinding kahirapan tulad ng labanan at taggutom.

Ganito pa rin ang nangyayari sa lahat ng mga anak ng Diyos sa buong mundo. Mababasa sa pangalawang bahagi ng 1 Samuel 2:30, "Ngunit ipinapahayag ngayon ng PANGINOON, 'Malayo sa akin; sapagkat ang mga nagpaparangal sa Akin ay Aking paparangalan, at ang mga humahamak sa Akin ay mawawalan ng kabuluhan.'" Sinabing, kapag minamahal ng mga tao ang Diyos, minamahal din Niya ang mga ito. Kapag tinalikuran nila ang Diyos, mawawalan sila ng kabuluhan.

Nais ng Diyos ang mga anak na nagmamahal sa Kanya nang walang pagbabago at lubos na makakasunod kahit may mga tukso. Ito ang dahilan kung bakit nangangalaga Siya ng sangkatauhan. Hinahanap Niya ang mga anak na tulad nito, nais Niyang bigyan sila ng malalaking pagpapala dito sa lupa at sa Langit.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, noong una, umasa sa pananampalataya ni Josue ang mga anak ni Israel, pero pagkatapos, sila na ang kumuha ng lupaing ipinamana sa kanila ayon sa sariling pananampalataya. Nakikiusap ako sa inyo na nawa ay magkaroon kayo ng ganitong klaseng pananampalataya, manalangin, mag-aral ng Salita, at maging tapat sa lahat ng aspeto. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tumanggap nawa kayo ng malalaking biyaya na parang nasa lupaing dinadaluyan ng gatas at pulot.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# 2015 Retreat sa Tag-init ng Manmin

### Pastor Vladimir Osipov, kasama ang asawa niya, Russia

## "Damang-dama kong kasama ko Diyos"



Maaliwalas at presko ang panahon habang idinadaos ang retreat. Napuspos kami ng pag-ibig ng Diyos habang nakikita namin ang mga tutubi. Sa unang gabi, napakaraming taong napagaling, damang-dama namin ang presensya ng Diyos. Masaya kami sa pag-ibig Niya habang sumasamba at nagpupuri sa tabi ng camp fire sa pangatlong gabi. Disiplinado ang mga miyembro ng iglesya, nagpapasalamat ako dahil kabilang ako sa pamilya ng Manmin.

### Pastor Shlomy Abramov at ang asawa niya, Israel

## "Puno ng pag-ibig ng Diyos ang Manmin"



Sinamahan ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang mga miyembro hanggang matapos ang retreat, nagalak ako, kitang-kita ang katapatan niya. Gumaling ang asawa ko mula sa pulmonya at cholecystitis dahil sa panalangin niya na lumalampas sa lugar at panahon. Mas napuspos kami ng pag-ibig ng Diyos dahil sa pagsali namin sa retreat sa tag-init at mas minahal namin ang Korea dahil sa Manmin.

## Araw ng Palaro















## Pagsamba at papuri sa tabi ng campfire













### Kap. Shen Mei Yun, Singapore


## "Gumaling ako habang nagpupuri"



Napuno ako ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem nang makita kong nagpupuri habang lumuluha ang Punong Pastor sa pagsamba at papuri sa tabi ng campfire. Nagpasiya akong magmadali sa pagwaksi ng kasamaan mula sa puso ko, magkaroon ng kagiliw-giliw at mabuting puso, at magkaroon ng bunga ng Espiritu. Samantala, gumaling ang panunaw ko, 20 taon kong problema ito. Hallelujah!

### Pastor Stanley Mbogo, Kenya

## "Malamig ang simoy ng hangin"



Nakita kong maraming taong gumaling dahil sa kapangyarihan ng Diyos. Nabawasan ang init ng panahon dahil nagbigay ng malamig na hangin ang Diyos. Ito ay pinakamagandang panahon! Sa araw ng palaro, humihip ang sariwa at malamig na hangin, nadama namin ang Diyos.

### Pastor Jonathan Ortega, Philippines

## "Nakita ko ang mga tutubing bumababa mula sa Langit"



Mahusay ang pakikitungo sa akin ng mga miyembro ng Manmin, nagpapasalamat ako. Masayang-masaya ako sa pagdalo sa retreat. Nakita ko ang mga tutubing bumababa mula sa langit, parang umuulan ng snowflakes. Paano ninyo ipapaliwanag ito? Ito ay himala!

# Ipinakita ang Pag-ibig ng Diyos sa mga Makapangyarihang Pagkilos Niya

Idinadaos ang Retreat sa Tag-init ng Manmin sa unang linggo ng Agosto bawat taon. Lalong nadadama ng mga dumalo ang pag-ibig ng Diyos at mas nagkakaroon ng pag-asa para sa walang hanggang buhay sa Langit dahil sa iba't ibang tanda, himala, at mga pagkilos na makapangyarihan. Sa unang gabi ng retreat para sa taong ito, pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee, ang tanyag na mangangaral ng pagbabagong buhay, ang seminar at pagpupulong na may banal na pagpapagaling. Maraming gumaling mula sa mga karamdaman at tumanggap ng mga kasagutan sa mga panalangin. Narito ang mga karagdagang patotoo:

## "Nakarinig ako at gumaling ang cancer sa dibdib"



Wala akong problema sa kalusugan nang ipanganak ako, pero noong 4 na taong gulang na ako, nauntog ako, dahil dito nabingi ako. Noong Setyembre 2014, nagsimula akong dumalo sa mga pagsamba at pulong-panalanging Daniel ng Manmin Central Church sa internet. Tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee habang dumadalo, at pagkatapos ng dalawang buwan, gumaling ang cancer ko sa dibdib. Bukod dito, nakarinig ako ng mga tunog. Sa pagpupulong na may banal na pagpapagaling sa retreat, mas bumuti pa ang pandinig ko, nakilala ko ang mga boses at mga tunog ng instrumento ng musika.

Kap. Jytte Dahl, Denmark

## "Naging malinaw ang paningin ko, gumaling ang basag na buto sa pulso ko"



Pinagdusahan ko ang astigmatism sa loob ng limang taon. Hindi ko mabasa ang maliliit na letra, dapat nakasuot ako ng salamin. Basag din ang buto ng kanang pulso ko, nasasaktan ako kapag iginagalaw ko ang kamay ko. Kung minsan, umaabot hanggang sa magkabilang siko ang pananakit, hindi ako makakilos. Nang magpasuri ako sa ospital, ipinayo ng doktor na magpaopera ako. Pero pagkatapos ng panalangin ni Dr. Lee, naging malinaw ang paningin ko kahit walang salamin, at nawala ang pananakit sa kanang pulso at magkabilang siko ko.

Kap. Cynthia McMillan, Australia



## "Gumaling ang mga buto ko sa balakang"



Noong Pebrero 19, nahulog ako mula sa lugar na may taas na 2 metro, nabasag sa maraming bahagi ang buto ko sa balakang. Sinabi sa akin na tatagal ng anim na buwan ang pagpapagaling nito. Sa unang tatlong buwan, gumamit ako ng pantulong sa paglalakad. Sa pang-apat na buwan, gumamit ako ng baston, pero papilay-pilay pa rin ang paglalakad ko. Bago dumating ang retreat, nakaramdam ako ng matinding pananakit, hindi ako makaluhod. Nahirapan din akong kumilos. Pero nang tanggapin ko ang panalangin ni Dr. Lee sa pulong na may banal na pagpapagaling, nakaramdam ako ng init sa mga apektadong bahagi ng katawan ko, nakapaglakad ako nang walang pananakit!

Kap. Minju Kim, South Korea

## "Gumaling at bumalik sa normal ang litid sa kaliwang balikat ko"




Isang linggo bago magsimula ang retreat, napunit ang litid sa kaliwang balikat ko habang nagbubuhat ako ng mabigat na bagay. Pinayuhan ako sa ospital na magpaopera. Pero gusto kong gumaling sa pamamagitan ng pananampalataya. Pinaghandaan ko ang retreat sa tag-init, binasa ko ang *Ang Mensahe ng Krus* sa wikang Vietnamese. Habang nasa pagpupulong na may banal na pagpapagaling, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor. May naramdaman akong parang tumutusok sa balikat ko. Pagkatapos, sinubukan kong itaas ang kaliwang braso ko, nawala na ang pananakit, nakakagalaw na ako.

Kap. Habantang, Vietnam

## "Nakapaglakad ako ng walang saklay"



Isang araw, umakyat ako sa bubong para mamitas ng sili, gumamit ako ng hagdan. Biglang nabali ang hagdan, bumagsak ako sa lupa. Nanakit ang buong katawan ko, nagkaroon ng bukol sa kanang bukong-bukong ko. Hindi ako makatayo, kailangan kong magsaklay. Nang tanggapin ko ang panalangin sa retreat ng punong pastor sa pulong na may banal na pagpapagaling, nag-init ang buto ko sa bukong-bukong, parang nilagyan ng sili. Napakainit nito nang hawakan ko. Pagkatapos, nakapaglakad na ako nang walang saklay.

Diakonesa Insuk Bang, Parish 1, South Korea


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714